Sandali ko pang narinig ang tawa ng dalawa sa aking tabi dahil sa ginawa ko. Humarap na ako kay Silas para sana ilagay ang galon ng ice cream na kinuha ko, mabilis na kumunot ang aking noo ng makitang puno na ang basket na hawak niya.

"Masyado atang maliit ang basket na iyan Silas Sebastian" seryosong ani ko dito habang mariing nakatingin sa basket niyang hawak.

Sabay silang tumawa ni Atticus bago napailing sa sinabi ko, naramdaman ko naman ang pagpatong ng ulo ni Atticus sa kanang bahagi ng balikat ko habang nakahawak sa aking bewang.

"Masyado lang marami ang kinuha mo binibini ko" malamyos ang boses na sabi nito.

Napalunok naman ako kasabay ng pamumula ng mukha ko.

"O-okay?" wala sa sariling ani ko sa kaniya.

Natawa naman siya bago tinanggal ang cap ko sa ulo. Nang matanggal niya iyon hinaplos niya ang buhok ko.

"Beautiful" he sincerely said before smiling at me.

His eyes were hooded with numerous kinds of hues, it's very beautiful.

"Let's go?" Yaya sa amin ni Silas bago ako hinawakan sa kanang kamay ko.

Humawak naman sa kaliwa ko si Atticus bago kami naglakad papuntang cashier. Mabilis na humaba ang labi ko ng mapansing hindi manlang ako gaanong nakaabot sa dibdib ng kambal, para talaga silang poste ng Meralco.

Mahina akong kumakanta habang nakapila kami sa cashier, pinaggigitnaan ako ng kambal kaya kahit gaano kasiksikan hindi ako nabubunggo ng kung sino man. Binalik na din ni Atticus ang sumbrero ko kanina para daw hindi agaw pansin ang mukha ko.

Bitbit pa rin ni Silas ang basket habang nakapulupot ang braso niya sa bewang ko, busy naman sa cellphone niya si Atticus habang hawak parin ang kamay ko. Ng kami na ang magbabayad nauna na sa amin si Silas, siya na daw ang bahala sa pagbabayad.

Tumayo na lang kami ni Atticus sa tabi habang hinihintay siya matapos.

"He'll probably take awhile My Lady," nangingiteng ani ni Atticus na nagpatawa sa akin.

"Madami ba talaga ang kinuha ko Atticus Asher?" I ask as I fondle his long white fingers.

Pumulupot naman ang dalawang braso nito sa aking bewang bago ako hinigit papalapit sa kaniya, dahil medyo umabot lang ako sa dibdib nito kaya malaya niyang naipatong ang kaniyang baba sa ulo ko.

"You really are beautiful My Lady" masuyong sabi nito kahit hindi naman iyon ang tanong ko.

Maliit naman akong napangite bago umiling. Marami nang nagsasabing maganda ako pero iba ang pakiramdam ko ng si Atticus na ang magsabi nito.

"Thank You so much, Atticus Asher" I frankly said before looking at his hands that's resting in my stomach.

I trace the veins that are forming there before chuckling.

"You're really one of a kind. Our Lady, our Queen, Our Liana Estelle" mahinang bulong nito sa kaliwa kong tenga bago iyon hinipan.

Estelle: The Twins 11

Liana Estelle Alexandrite

Lady of Cambridge

"Liana Estelle!" Pagkababa ko pa lang ng kotse narinig ko na agad ang malakas na boses ni Ichika.

Nakita ko itong tumatakbo papalapit sa amin habang may malawak na ngite sa kaniyang labi.

"Good Morning Ichika!" Masayang bati ko dito ng makarating siya sa pwesto namin.

Hinihingal naman itong tumango sa akin bago bumuga ng marahas na hangin.

"Dahil nandito na naman si Ichika mauuna na kami Liana Estelle?" Tumango ako sa tanong ni Marga bago ngumite.

Mukhang may pupuntahan pa kasi sila at baka marami pa silang dapat gawin.

"You can now go Marga, kami na lang ni Ichika ang magsasabay. Mag iingat kayo" tumango naman sila sa sinabi ko, bago umalis ginulo muna ni Li ang buhok ko habang may malapad na ngite.

Humaba naman tuloy ang labi ko dahil ilang minuto kong inayos ang aking buhok nakalimutan ko na naman kasing magpatirintas kay Marga. Inayos ko muna ang buhok kong hanggang pwet na ang haba bago muling tumingin kay Ichika.

"Tara na Estelle?" Yaya nito sa akin bago ako hinawakan sa kamay.

Nakapang PE uniform kasi kami ngayon, style jersey ito ayon na din sa sabi ni Mica. Maigsi kasi ang suot naming kulay itim na short na may logo na gintong leon sa kanang bahagi.

Samantalang itim na V-neck shirt na lang ang sinuot ko pangitaas. Hindi na kasi ako pinayagan nila Kuya Eleo na isuot ang sandong kapareha ng short. Masyado daw nitong mailalabas ang maraming bahagi ng aking balat, sapilitan pa nga ang pagpayag nila para lang maisuot ko itong short.

"Gym na ang deretsyo natin Liana Estelle" ani Ichika na tinanguan ko lang.

Hindi ko na naman tuloy mapigilang mailang sa uri ng tinging ipinupukol ng ibang estudyanteng nakakasalubong namin. Hinigit ko ang jersey na suot ni Ichika bago sumiksik sa tabi niya.

"May mali ba sa akin Ich?" Naiiyak na tanong ko dito.

Gulat itong tumingin sa akin bago natatarantang hinihimas ang aking dalawang braso.

"O-oh god, don't mind them Liana Estelle. I-i think they just find you beautiful that's why they can't their eyes away from you" kinakabahan nitong ani bago ako hinaplos sa buhok.

"Pero bakit para na nila akong kakainin Ichika, did I do something wrong?" Mangiyak-ngiyak na tanong ko dito, mali ba ang suot ko?

Ayon naman kay Melicity ayos lang na iba ang pangitaas na damit ko, kaya hindi ko alam kung bakit parang nag-iba ang tingin sa akin ng mga kapwa ko estudyante. We wore the same clothes so I don't know why they're looking at me like this.

"S-shit, please don't cry Liana Estelle. My gosh, the twins will definitely kill me" Hindi ko na pinansin ang huli nitong sinabi dahil nalaglag na ang luha ko.

Kunot noo kong hinaplos ang aking pisnge bago kinagat ang aking ibabang labi.

"Ich, I don't like their stares" mahina kong ani habang umiiyak.

Nakita ko naman ang pamumutla ni Ichika bago ngumiwe. Hindi ko mapigilang maslalong mapaluha dahil bago lang sa akin ang ganitong uri ng tingin. Para nila akong kakainin ng buong-buo, natatakot ako.

"C-calm down Liana Estelle. C-can you please stop crying?" Pang aalo ni Ichika habang tinutulungan akong punasan ang aking mukha.

Hindi nakaligtas sa paningin ko ang pagkabalisa din ng mga estudyante ng makitang umiiyak ako, hindi ko na tuloy napansing nakapasok na kami ni Ichika sa loob ng gym.

Tuloy-tuloy lang ang pagiyak ko habang hindi na mapakali si Ichika sa pagpapatahan sa akin. Hindi ko naman gustong magdamdam, iyon nga lang hindi talaga ako sanay sa kakaibang tinging ipinupukol sa akin.

I don't know if they're criticizing me or mocking me, it's a different kind of gaze —it's a scary one.

"Tala, are you crying!" Gulat na ani ng isa kong kaklase bago sila nagtakbuhan papalapit sa amin ni Ichika.

Punong-puno ng pag-aalala ang mga boses nila habang pinapalibutan kami. Kumpleto na ang mga ito kaso lang wala pa ang Physical Education teacher namin.

"What happened?" Tanong ng isa kong kaklaseng babae kay Ichika.

Napansin ko naman ang tingin ng mga kaklase kong lalaki sa legs kong nakalantad habang namumula. Lalo tuloy akong napaiyak ng tignan din nila ito ng kakaiba.

"Eyes up here boys. Alam niyong hindi magugustuhan ng mga hari ang nangyayare ngayon dahil sa mga tingin niyong iyan!" Malaks na sigaw ni Ichika.

Mabilis namang nagtaasan ng tingin ang lahat na parang natakot sa kanilang narinig.

"I-chika, may mali b-ba sa a-akin?" Umiling naman ito bago hinaplos ang aking likod.

Magsasalita na sana ito ng pabalyang bumukas ang pintuan ng gym. Lahat kami ay

napatingin dito at nakita ko ang hingal na hingal na kambal na may madilim na mukha. Napansin ko ang pagatras ng mga tao nang maglakad na ang mga ito papalapit sa akin.

Patuloy parin ang mahina kong pagiyak habang sumisinok, medyo sumasakit na din ang ulo ko dahil sa pagsabay ng mainit na panahon.

Nakipagtitigan ang kambal sa akin na parang inaarok ang buong pagkatao ko, napansin ko ang pagbaba ng tingin nila sa nakalantad kong binti bago magdilim ang paningin.

Nang tuluyan na silang makalapit mabilis akong kinabig payakap ni Atticus kaya napasubsob ako sa sikmura niya, mabilis namang kumalma ang katawan ko nang maamoy ko ang mabango niyang amoy.

It calms my raging emotions. Ginagap nito ang mukha ko bago masuyong pinunasan ang mga luha kong walang sawa sa pagpatak.

"Hush ow my lady, everything will be fine" masuyo nitong bulong habang hinahaplos ang buhok ko.

Naramdaman ko naman ang magaang paghaplos ni Silas Sebastian sa likod ko na puno ng pagiingat. Tumunghay ako kay Atticus at tinignan ang mga asul niyang mata.

"M-may mali b-ba sa akin?" Tanong ko dito habang sumisinok.

Mabilis itong umiling bago ako pinatakan ng magaang halik sa aking noo.

"T-then, why a-are they looking at me l-like that?" Nag-igting ang panga ni Atticus at dumiin ang yakap niya sa akin.

"What look are they giving you queen?" Silas Sebastian ask while gritting his teeth.

Tumingin ako sa kaniya at nakitang seryoso itong nakatingin sa akin.

"T-they look at me with h-hunger, parang kakainin nila ako Silas Sebastian" kumpisal ko dito bago sumubsob sa malapad na dibdib ni Atticus.

Mabilis kong naramdaman ang napakadilim na awrang pumalibot sa kambal, nagtataas baba na din ang dibdib ni Atticus habang mariin akong yakap.

"Pythios, gather all of the male students who look at the queen with hunger and malice. Escort them in the field because we're going to play. This will also serve as a warning to those who will still oppose to us" malamig na sabi ni Silas sa kadarating lang na si Pythios kasama sila Theocharistus.

Natigil naman saglit ang mga ito bago nagbigay ng nakakakilabot na ngise.

"Yes, your highness!" Sabay-sabay na ani nila bago yumuko.

Isa-isa nilang tinignan lahat ng mga estudyanteng nakapalibot sa amin. Nakita ko ang pamumutla ng lahat ng estudyanteng lalaki habang may ngise naman ang mga babae.

"A-anong gagawin niyo?" Mahina kong tanong kay Atticus gamit ang paos kong boses.

Yumuko naman ito sa akin bago pinunasang muli ang mga natuyo ko ng luha, ngumite ito pero pansin ko ang kaibahan niyon sa masaya niyang ngite.

"Martelen" matigas na sabi nito gamit ang ibang lenggwahe.

Tahimik lang akong nakaupo sa malaking itim na couch habang na sa likod ko si Atticus na seryosong tinitirintas ang mahaba kong buhok, hindi ko naman mapigilang mamula habang nararamdaman ko ang pagdampi ng mainit niyang mga kamay sa aking ulo.

Matapos kasi ng insidente sa gym dinala ako ni Atticus sa opisina nila dito sa King's Castle, si Atticus lang ang kasama ko dahil si Silas kasama ang ibang Novelties ay na sa open field ngayon.

Hindi ko naman alam ang gagawin nila kung bakit nila dinala lahat ng estudyanteng lalaki sa field. Pinagpapasalamat ko na lang na kumalma na ako at hindi na ako sinisinok.

Hinihintay ko na lang ang triplets dito sa opisina ng kambal, wala kasing naging klase ngayon dahil sinuspinde ito ni Silas Sebastian.

Mabilis akong namula ng mapadako ang tingin ko sa malaki kong portrait na nakasabit dito sa opisina nila, iyon ay iyong drawing sa akin habang na sa garden. Tinotoo pala nila ang sinabi nila na gagawin nila itong portrait.

Kahit na hindi ko alam kung ano talagang mayroon kaming tatlo masaya na ako kahit hindi ito pangalanan, I don't want to rush things ieenjoy ko na lang siguro ang bawat araw na darating.

"Done!" Masayang bulalas ni Atticus bago tuluyang tinali ang buhok ko na tapos na niyang tirintasin.

Maingat ko naman itong hinawakan bago dahan-dahang dinama.

"Not bad" papuri ko sa kaniya.

Tumayo ito mula sa pagkakaluhod sa aking likod bago lumipat sa harapan ko. Nandoon na naman ang kakaibang kislap sa kaniyangyang mga mata habang nakatingin sa akin.

Hinaplos nito ang kaliwa kong pisnge bago ako hinalikan sa noo. Hindi ko mapigilang mapapikit dahil sa sensasyong aking naramdaman ng lumapat ang labi niya doon.

"You are very beautiful, my lady" dahan-dahan kong minulat ang aking mga mata bago siya deretsyong tinitigan.

Bakas ang matinding paghanga sa napakaperpekto nitong mukha. Ngumite naman ako sa kaniya bago hinaplos ang napakalambot niyang buhok.

It's gleaming and flapping, it suit him very well that I might think that it's one of the Moroccan treasure.

"Salamat Atticus" Humalakhak naman ito bago pabagsak na umupo sa aking tabi.

Mabilis na sumubsob ang mukha niya sa kaliwang leeg ko bago iyon dahan-dahang hinipan.

"Ours" mahinang bulong nito bago sinipsip ang aking leeg.

Hindi ko naman mapigilang mapadaing dahil sa kuryenteng tumulay sa kaniyang labi papunta sa aking leeg.

The shivering sensation made my skin crawl in anticipation.

"A-ano ang ginagawa mo Atticus Asher?" Gulat na tanong ko dito bago hinaplos ang leeg kong kinagat niya.

Tumawa naman ito sa akin bago lumayo. "It's a mark my lady, a temporary mark" aniya na may kakaibang ngite sa labi.

Kumunot naman ang noo ko bago siya mahinang pinitik sa kamay.

"Kinagat mo lang naman ako. Nagiging bampira ka na ba Atticus Asher?" Inosente kong tanong na nagpaawang sa labi niya.

Lumipas ang ilang sandali malakas itong tumawa bago ako yinakap ng mahigpit. Para itong batang nabigyan ng candy.

"Hilarious!" Napailing na lang ako dahil mukha na siyang nasiraan ng ulo.

Hindi ko naman alam na nakakasira pala ng ulo ang simpleng pagtitirintas ng buhok.

Napabaling ang tingin ko sa pintuan ng bumukas ito, pumasok doon ang seryosong itsura ni Silas Sebastian. Nangunot ang noo ko ng makitang basang-basa ito ng pawis at medyo hinihingal pa.

Lumapit ito sa amin at nagsumiksik sa kanan ko, na sa kaliwa ko kasi si Atticus na busy sa ginagawang pag-amoy sa buhok ko na parang ang bango-bango nito.

"Ayos ka lang ba Silas Sebastian?" Tanong ko sa kaniya bago kinuha ang panyo ko at pinunas sa noo nitong tagaktak ng pawis.

Dumapo naman sa akin ang malalamig niyang tingin bago bumaba sa leeg kong nakalantad dahil sa v-neck shirt kong suot. Ngumise ito bago napasipol.

"Sweet. You already marked your territory, aren't you Atticus?" Tumawa naman si Atticus sa likod ko bago ko naramdaman ang mala bakal nitong bisig na pumulupot sa aking bewang.

Pinatong pa niya ang kaniyang baba sa kaliwang bahagi ng balikat ko bago mahinang tumawa.

"How about yours?" Tanong nito sa kakambal bago inipon sa kaliwang bahagi ng balikat ko ang buhok kong nakatirintas.

Lumantad tuloy ang kanang bahagi ng leeg ko. Napansin ko ang biglang pagdilim ng mukha ni Silas bago ngumise ng kakaiba. Dinilaan nito ang ibabang bahagi ng kaniyang labi bago tumugon sa kakambal.

"Oh, it will be my pleasure" Mahinang tugon nito habang kumikislap pa ang mga mata.

Mabilis ang galaw nitong sinubsob ang ulo sa leeg ko bago ginawa ang ginawa kanina ni Atticus. Malakas akong napasinghap ng sipsipin niya din iyon.

Lalo namang humigpit ang yakap sa akin ni Atticus habang kinakagat-kagat ang punong tenga ko. Tumataas baba na din ang palad ni Silas sa mga braso ko habang patuloy sa ginagawa sa aking leeg.

Matapos ang ilang minuto dahan-dahan na itong tumunghay habang may malawak na ngite sa labi. Kumikislap pa ang asul nitong mga mata habang nakatingin sa leeg kong

kinagat niya.

Mangiyak-ngiyak naman akong tumingin sa kaniyang mga mata bago nagsalita. "Bampira ka na din ba, Silas Sebastian?"

Estelle: The Twins 12

Liana Estelle Alexandrite

Lady of Cambridge

Lumipas ang mga araw at naging maayos na din ang lahat, wala nang nag-ungkat ng nangyare sa gym noong nakaraan.

Hindi kasi ako sanay na may mga masamang balita akong dadalhin sa bawat araw na dadating. Huminga na din naman ng pasensya sa akin ang mga lalaking kung makatingin sa akin dati ay para na nila akong kakainin.

Pero ang pinagtataka ko ay kung bakit sila punong-puno ng mga pasa at sugat sa katawan. Sobra din silang namumutla nang humingi ng paumanhin sa akin, na sa tabi ko kasi ang buong Novelties.

Natakot siguro ang mga ito dahil sa napakasamang tingin sa kanila ng kambal ganoon na din ng triplets.

"Liana Estelle do you gave attention to the news?" Ichika asks pulling me out of my reverie.

Kunot noo akong tumingin sa kaniya bago umiling.

"Ano bang balita ang kailangan kong marinig Ichika?" Takang tanong ko dito bago kumamot sa aking pisnge.

Humaba naman ang labi nito at bumukas sara ang mga mata.

"May bago daw tayong kaklase Liana Estelle, and take note gwapo!" Para itong bulateng binuhusan ng asin ng sabihin niya ang katagang gwapo.

Pumaling naman pakanan ang ulo ko bago nagdikit ang aking dalawang kilay.

"Walang sinabi sa akin ang kambal lalo na ang triplets" sinserong ani ko dito bago nagbigay ng paumanhing tingin.

Lalo namang humaba ang labi nito bago mahinang nagsalita.

"Ayaw lang talaga ng kambal mabaling ang atensyon mo sa iba" aniya na hindi na umabot sa pangdinig ko.

Nagkibit balikat na lang ako bago muling itinuloy ang pagbabasa ng bago kong biling libro, nabili ko ito noong mag mall kami ni Ichika kasama ang buong Novelties.

Nagandahan kasi ako sa pamagat kaya naisipan kong bilihin na lang, tutal mahilig

din naman akong magbasa.

Mabilis na bumaling sa bukana ng classroom ang paningin ko nang bumukas ang pintuan nito at pumasok si Ms. Asunta, binaba ko na ang librong binabasa ko at pinukol ang buo kong atensyon sa kaniya nang tumayo siya sa harapan.

Malakas na nag-iritan ang mga kaklase kong babae nang may pumasok na lalaki kasunod ni Ms. Asunta.

Magaan itong ngumite sa amin bago kumaway. The boy who enters looks so cute with his uniform, he looks like a Japanese doll.

"Ichika ang cute niya" bulong ko sa katabi ko na sobrang likot sa kaniyang upuan.

Tumingin naman ito sa akin bago ngumise, may kakaibang kislap ang mga mata nito na ngayon ko lang nakita.

"Sino ang masgusto mo, siya o ang kambal?" Pilyang tanong nito bago sinundot-sundot ang tagiliran ko.

Namula naman ako sa tinanong niya kaya hindi ko napigilang hampasin ng mahina ang daliri nitong sumusundot sa tagiliran ko.

"T-tumigil ka nga Ich, nakakahiya" Gigil kong bulong dito na nagpatawa lang sa kaniya.

Namumula na lang akong nagbalik ng tingin sa unahan at kinagat ang aking labi.

Narinig namin ang ginawang pagtikhim ng lalaki sa unahan bago linibot ang paningin sa buong classroom, mabilis na tumigil ang tingin nito sa akin habang seryosong nakatingin.

Napangiwe na lang ako bago dahan-dahang hinigit ang palda ni Ichika, I don't know what's happening but I felt anxious about the way he looks at me.

"Kindly introduce yourself Mr." Ani Ms. Asunta bago tinapik sa balikat ang katabi.

Tumikhim muna ang lalaking katabi ni Ms. Asunta bago umiwas ng tingin sa akin.

"Hi. I'm Pagani Cavalier, just call me Page. And may I ask a question to that lady seating at the back, the one with a long hair?" Lumaki ang mga mata ko bago dahan-dahang tinuro ang aking sarili nang makitang nakatingin na naman ito sa akin.

He promptly nodded his head guaranteeing me that I am really the one he's talking about.

"A-ano iyon?" Kabado kong tanong dahil lahat ng mga mata ay sa akin na naman nakatingin.

Malaki namang ngumite sa akin ang lalaking nagpakilalang Pagani bago humawak sa kaniyang labi.

"Can you please tell me what you use to your skin?. Because aside from it looking healthier, I also want to achieve that glass-looking face you have. I might as well use it on my face tonight sister" malanding aniya habang pumapaltik sa hangin ang mahahabang daliri.

Napanga-nga naman kaming lahat sa maarteng pagsasalita nito.

"No this is not happening" Mangiyak-ngiyak na bulong ni Ichika bago mabilis na sinubsob ang mukha sa lamesa niya.

Tinignan ko naman si Pagani bago napalunok, sayang.

Pagani Cavalier, nangunot ang noo ko ng parang narinig ko na ang apilyedo niya. Pero pinagsawalang bahala ko na lang ito dahil baka may katulad lang siga.

Hindi naman siguradong muli kong tinuro ang aking sarili para makasiguradong ako nga talaga ang tinatanong niya.

"Yes, I'm definitely talking to you girl. So now what's the tea to your face?" Irit nito habang kumikislap pa ang mga mata.

Now I'm sure about one thing, he's unquestionably gay. Mabilis namang tumawa ng malakas si Ms. Asunta bago ngumite ng nakakakilabot sa amin.

"That's why I always said that don't judge the book by its cover, you ignorants!" Mayabang na aniya na inagalan lang ng mga kaklase ko.

"So Mr or better yet Ms. Cavalier you can now take your seat beside Ms. Hakamiro" anunsyo ni Ms. Asunta bago tinuro ang katabing upuan ni Ichika, iyon na lang kasi ang nagiisang bakanteng upuan dito.

Tumango naman si Pagani bago pakembot-kembot na naglakad at umupo sa tabi ni Ichika na tulala na naman.

"Hey sister, what's with the face. Aren't fond of me?" Maarteng tanong nito bago inayos ang hikaw niya sa dalawang tenga.

Ngayon ko lang napansin na may hikaw pala itong bulaklak. Tinignan ko din ang mukha nito at napansing namumula iyon, hindi lang ako sigurado kung natural ito o hindi.

"Why?" Mahinang bulong ni Ichika bago nakipagtitigan kay Pagani.

Hindi ko napansing tumunghay na pala ito habang basa ng luha ang kaniyang mga mata at pisnge.

"Anong why sister?" Taas kilay na tanong naman pabalik ni Pagani bago pinahaba ang labi.

"W-why are you g-gay" naiiyak na tanong ni Ichika.

Napabuntong hininga na lang ako bago hinaplos ang likod niya, mukhang nagkagusto agad ito kay Pagani unang tingin niya pa lang.

But knowing that Pagani is gay there's definitely no hope for her infatuation towards him. Poor Ichika.

"Tell me, Pagani. Why do you have to be gay?" Nang laki naman ang mata ko ng makitang manginig si Pagani bago mahinang umirit.

May kalakasan nitong hinampas si Ichika sa braso bago mabilis na hinigit ang buhok.

"Girl, my gosh. Are you lesbian?. And please don't call me Pagani, hindi ako sasakyan sister. It's Page okay, Page. Now repeat after me, P.A.G.E Page" Naghalumbaba na lang ako at pinanood ang pagtatalo ng dalawa.

Nakakapagtaka na hindi kami pinapagalitan ni Ms. Asunta kahit alam niyang hindi

kami nakikinig sa itinuturo niya.

"She looks infatuated to you Page" bulong ko sa kaniya.

Nang laki naman ang mga mata nito bago takot na takot na umiling, nang didiri pa itong tumingin kay Ichika habang nakangiwe.

"I'm telling you sister there are no justifications for your friend to feel that kind of thing towards me, I'm more into boys with big cock, you know. At saka sa pula ng pisnge at labi ko na parang hinog na kamatis hindi manlang nasagap ng radar mong I'm not a post" masumarte ang boses nito kesa kanina.

Mahina na lang akong napahagikhik bago umiling at hindi na pinansin ang bastos nitong sinabi. Pero sa totoo hindi ko naman kasi talaga napansin na hindi ito tuwid. Mayroon kasi siyang kakaibang awra na hindi ko alam kung paano papangalanan.

Nonetheless, I might as well confess that Pagani Cavalier is a very cute guy. With his black silky-looking hair, small face and lips pointed nose, and a very white complexion he's really an angel-looking guy. Other people call the kind of him androgynous so it's a huge advantage for him because of his true nature.

"Mag-usap na lang tayo mamaya girls, but let me take your name first beautiful lady?" Ngumite naman ako dito bago nag-abot ng kamay sa kaniya.

"I'm Liana Estelle Juanco," masayang pakilala ko dito bago ngumite.

Tulala naman nitong inabot ang kamay ko bago marahang tumango.

"Rumors didn't give justice to your appearance, how annoying. How about you Ms?" Bulong nito kay Ichika na mukhang unti-unti nang nahihimasmasan.

"I-ichika H-hakamiro" mahinang sagot nito bago inabot ang nakaabang na kamay ni Page.

Ngumite naman si Pagani ng malawak sa amin bago bumulong.

"Friends, we are now friends girls"

"So Liana Estelle I might say that you are well-known here, right?" taas kilay na ani ni Page habang kumakain ng fries niya.

Na sa cafeteria na kasi kami ngayong tatlo at dahil punuan na ang first and second-floor nitong cafeteria kaya sa 3rd floor na kami kumain.

"Naku hindi naman" nahihiya kong sagot sa kaniya bago kumagat sa burger ko.

"Don't me sister, sa lahat ng taong dinaanan natin lahat sila binabati ka at tinatawag na Queen. So what's with the title?" Usiserong aniya sa akin.

Nag-isip naman ako bago napakamot sa aking pisnge, inipon ko ang aking buhok sa kaliwa kong balikat na hindi ko na naman naipatirintas kay Marga.

Dahil wala pa naman akong dalang tali ngayon kaya ito lang ang magagawa ko para hindi ito sumama sa pagkain ko.

"I also don't know why they're calling me Queen Page" sinsero kong sagot kay Pagani na nagpahaba ng labi niya.

Tinignan ko naman si Ichika at nakitang mukhang ayos na ito, nakikisabay na din kasi ito sa biruan namin ni Page. Buti naman at ayos na siya at hindi na umiiyak.

"Oh God, there's a demigod!" Mabilis akong tumingin kay Page ng manginig ito at mahinang umirit habang hinahampas si Ichika.

Todo pigil naman si Ichika sa kamay ni Page habang nakasimangot.

"Ano ba tumigil ka nga, aray" natawa na lang ako bago tinulungan si Ichika na pigilan ang kamay ni Pagani.

"Holy shit papalapit sila, my gosh iba talaga ang alindog ko. Pang FMH, ganern!" Tumingin naman ako sa tinitignan ni Pagani at nakasalubong ang seryosong tingin ng kambal.

Humaba naman ang labi ko ng tumabing na naman sa mukha ko ang mahaba kong buhok. Kailangan ko na sigurong magpagupit?

Aalisin ko na sana ang buhok ko sa aking mukha ng may daliring nag-alis non.

"Should I braid your hair again my lady?" Masuyong bulong ni Atticus habang iniipon sa isa niyang kamay ang buhok ko.

Nakasimangot naman akong tumingin dito. "Please,"ani ko na nagpatawa sa kaniya bago ako pinatalikod.

Naglabas naman ako ng suklay mula sa aking bulsa bago ito inabot sa kaniya.

"Oh, I don't have a rubber band" bulalas ko ng maalalang wala akong dalang panali.

"I have one" ani ni Silas Sebastian bago umupo sa tabi ko at umakbay sa sandalan ng upuan ko.

Tumango naman ako dito bago tumingin kanila Ichika. Nakaawang ang labi ni Page habang pinapanood kami samantalang bumalik sa pagkain si Ichika matapos bumati sa kambal. Mukhang na sanay na ito sa presensya ng dalawa kaya wala na lang ito sa kaniya.

"I forgot," Sabi ko nang may maalala bago tinignang muli si Page.

"This is Pagani Cavalier, our new classmate and our new friend" masayang pakilala ko kay Pagani sa kambal bago malawak na ngumite.

Naramdaman ko naman ang masuyong paghalik ni Atticus sa aking ulo bago pinagpatuloy ang pagtitirintas ng aking buhok.

"I am Silas Sebastian and that man is Atticus Asher Saint-Ouen, we're twins and the member of the highest council here" Matigas na ani ni Silas habang masamang nakatingin kay Page.

Namutla naman ito bago nanginginig na tumango, na wala ang kakulitan ni Page nang makita ang kambal.

Napasimangot na lang ako bago mahinang hinampas ang kamay ni Silas. Tumingin naman ito sa akin ng seryoso bago nagtaas ng kilay.

"Huwag mong takutin Silas" kunot noo kong saway na nagpabuntong hininga dito bago tumango.

"Ang bangis. Choke me, daddy. RAWR!" Hindi ko mapigilang matawa ng malakas na umirit si Page habang hinahampas muli ang kawawang si Ichika.

Mukhang nawala na ang takot at hiya nito sa kambal dahil naging malikot na siyang muli.

Naramdaman ko naman ang sandaling pagtigil ni Atticus sa pagtitirintas sa akin bago mahinang tumawa.

"False alarm," mahinang ani nito na hindi ko naintindihan.

Pinagpapasalamat ko din na nawala na ang malalim na kunot sa noo ni Silas, magaan na itong tumingin sa akin bago naghalumbaba.

"Page is very cute, aren't you?" Tanong ko bago malapad na nginitian si Page.

Ngumise lang naman ito sa akin bilang sagot bago muling tumingin sa kambal.

Na tapos sa pagtitirintas sa aking buhok si Atticus kaya umupo na siya sa tabi ko. Mabilis na pumulupot ang braso nito sa bewang ko bago nakikain sa aking pagkain.

"Queen," bumaling ang tingin ko kay Silas nang maramdaman ang paghaplos niya sa aking balikat.

"Bakit Silas?"

"Next month we'll going to have a club registration, you can decide on three kinds of club you want to join in my Queen. But you need to have one in sports, one in the subject and one in extra. Club registration is a must so you'll need to cooperate, are you fine with it?" Hindi siguradong ani ni Silas na mabilis ko namang tinanguan.

Clubs, I'm excited. Pero siguro kung ano na lang ang kay Ichika iyon na lang din ang sa akin.

"Magkasama ba ang college, high school at senior high school?" Tanong ko dito bago sinawsaw ang aking fries sa ketchup.

"Of course my lady, it will be an impediment for the council if we will do the registration by year levels and different days. But rest assured that we will provide an appropriate time for each level to accomplish their registration, so the swarm will be easier to handle" tumango naman ako sa sinagot ni Atticus bago isinubo ang aking fries.

"Don't think too much, my lady. If you don't want to join we will surely make an exemption just let us know okay?" nabaling ang tingin ko kay Silas Sebastian na seryosong nakatingin sa akin.

"Nope, gusto kong subukan Silas" masayang pgil ko sa kaniya.

Tumango naman ito bago ako hinalikan sa kamay, pinagsiklop niya pa ang aming palad bago ito pinatong sa kaniyang matigas na hita.

"After this time it's already your vacant period right?" Tanong ni Atticus habang hinahaplos naman ang bewang ko.

Tumango naman ako dito at nagtataka siyang tinignan, ngumite lang ito sa akin bago bumulong.

"Let's go to our office my lady" malamyos ang malalim nitong boses na nagpalunok sa akin.

Sandali naman akong nag-isip dahil sa sinabi niya bago tinignan sila Ichika.

"You can go, Liana Estelle. Ako na lang ang maglilibot kay Page sa buong school" may kakaibang ngiseng sabi sa akin ni Ichika.

Namutla naman si Page bago nagmamakaawang tumingin sa akin. Magsasalita na sana ako kaso tumayo na ang kambal bago ako hinigit patayo, mabilis nilang ipinulupot ang mga braso nila sa bewang ko bago tumikhim.

"We will now take our leave, Mr. Cavalier and Ms. Hakamiro," striktong paalam ni Silas Sebastian bago ako tuluyang hinigit papaalis.

Wala na akong na gawa pa kaya kumaway na lang ako kanila Ichika na pinapanood lang kaming tatlo. Mabilis kaming nakarating sa opisina nila bago nila ako tuluyang linubayan.

"Anong gagawin natin dito?" Tanong ko sa mga ito ng makaupo ako sa sofa.

Umupo naman silang dalawa sa kanilang swivel chair bago tumingin sa akin.

"We need you our queen, we have bunch of paper works to finish so we need strength" nakangiteng sagot sa akin ni Atticus.

Sumimangot naman ako bago tumango sa sinabi niya, tutal nandito na naman ako kaya wala na akong magagawa pa.

"Don't worry Queen, you can use the laptop in the center table if ever you get bored it's connected to the wifi in this building so you will have access online" mabilis na kumikislap ang mga mata ko sa narinig na sinabi ni Silas.

Mabilis kong kinuha ang laptop na sinabi ni Silas bago iyon linagay sa sofa, tutal malapit nang malow batt ang cellphone ko kaya pwede ko iyong gamitin.

"Can I use one of your outlet plugs?. I need to charge my phone" tanong ko sa kanila bago tumayo at lumapit sa lamesa nila.

Nag-angat naman ng tingin sa akin si Silas bago inilahad ni Atticus ang palad niya.

"Give me my lady, ako na" aniya na tinanguan ko.

Dinukot ko na ang aking cellphone sa aking bag kasama na ang charger bago inabot kay Atticus.

"Salamat Atticus" masayang sabi ko bago tumakbo at pabagsak na umupo sa sofa.

Narinig ko pa ang mahinang tawa nila ni Silas na hindi ko na pinasin. Binuksan ko na ang laptop at nakitang wala itong password, nagbrowse lang naman ako sa internet nang nagbrowse.

Dalawang oras kasi ang bakante ko kaya masyado pang mahaba ang oras na gugugulin ko dito sa opisina ng kambal.

Binuksan ko ang YouTube at nagsearch ng videos tungkol Golden Retriever. Sa loob ng

isang oras iyon lang ang ginawa ko habang naka indian seat sa sofa, masyado akong nababad sa panonood kaya hindi ko napansin ang paglapit at pag-upo ni Atticus sa tabi ko.

"Golden Retriever?" Tanong nito na tinanguan ko

Dahan-dahan akong humilig sa balikat niya habang nanonood, naramdaman ko naman ang pagpulupot ng braso nito sa bewang ko bago nakinood.

"Ang cute nila ano?" Tumawa ito sa tinanong ko bago ako hinalikan sa ulo.

"Yes, they are" Nabaling ang tingin ko sa kaliwa ko ng pabagsak na umupo doon si Silas.

Nagsumiksik ang ulo nito sa leeg ko bago mahigpit na yumakap sa aking bewang.

"You want one?" Tumunghay ang ulo ni Silas Sebastian mula sa pagkakasubsob sa leeg ko at seryoso akong tinitigan.

Bumalik naman ang tingin ko sa laptop bago masayang tumango.

"I love to!" Masuyong hinaplos ni Atticus ang buhok ko bago iyon hinalik-halikan.

"Granted" bulong sa akin ni Silas bago muling sumubsob sa aking leeg.

Namula naman ako nang makaramdam ng matinding kilabot sa simpleng paghaplos nilang dalawa sa akin.

Na tapos ang araw ko na ang kambal lang ang kasama, kung hindi pa ako sinundo ng triplets baka hanggang ngayon na sa opisina pa rin nila ako.

Habang naglalakad kami ng triplets palabas ng King's Castle bigla akong inakbayan ni Marga, puno naman ng kuryosidad ko itong tinignan.

"Bakit Marga?" Tanong ko sa kaniya habang tinitignan ang masaya niyang mukha.

"Kayo na?" Tanong nito gamit ang malokong boses.

Nangunot naman ang noo ko bago tumigil sa paglalakad

"Ano iyang sinasabi mo Margaret?" Kunot noong tanong ko dito dahil hindi ko siya maintindihan.

Tumaas naman ang kilay nilang dalawa ni Mica bago ngumise sa akin.

"Ng kambal, Queen. Kung kayo na ba ng kambal" mabilis na nang laki ang mata ko kasabay ng pamumula ng buo kong mukha dahil sa narinig.

"H-hindi, ano b-ba naman kayo!" Todo iling kong sagot sa kanila.

Umismid naman si Melicity bago tumabi sa mga kakambal niya.

"Maniwala, kalat na kaya sa buong school. What do you think, crush mo na ba sila Liana Estelle?. Pwede mo namang sabihin sa amin, promise atin atin lang." Hikayat ni Marga sa akin na lalong dumagdag sa hiyang nararamdaman ko.

Naiiyak akong tumingin sa kanila habang may kakaiba silang ngite sa akin, parang hindi sila mapagkakatiwalaan.

Kagat labi ko na lang silang sinagot, "O-oo, p-pero ganto lang" ani ko.

Malakas naman silang tumwa habang pinapakita ko ang gap sa pagitan ng thumb at pointing finger ko.

"Ang sama niyo!" Mangiyak-ngiyak kong ani na lalong nagpatawa sa kanila.

Totoo namang crush ko ang kambal pero konti lang, kaya bakit sila tumatawa na parang joke lang ang sinabi ko?.

Estelle: The Twins 13

Liana Estelle Alexandrite

Lady of Cambridge

"Estelle!" Napabalikwas ako ng bangon nang malakas na bumukas ang pinto ng aking kwarto.

Humahangos na pumasok si Marga kasunod si Mica na may dalang gunting. Nagtataka ko silang tinignan bago binati.

"M-magandang Umaga sainyong dalawa, Marga at Mica" hindi sigurado kong ani sa dalawa.

Masigla naman silang bumati sa akin pabalik bago pa talon na umupo sa kama ko. Napangiwe na lang ako dahil medyo naliyo ako sa ginawa nila.

"Liana Estelle, let's cut your hair. Tapos lagyan ka namin ng bangs!" Masiglang sabi ni Mica bago pinakita sa akin ang hawak na gunting.

Namutla naman ako kaagad dahil kakaiba na naman ang ngite ng dalawa.

"A-ano, bakit ako?" Tumawa silang pareho bago ako hinigit patayo.

"Practice, ang haba kasi" sabi ni Marga habang hawak ang buhok ko.

Napakurap-kurap na lang ako bago ito inagaw palayo sa kaniya.

"M-may pasok pa tayo h-hindi ba?. Next time na lang" takot kong ani habang umaatras.

Tumawa naman ang dalawa sa sinabi ko bago sabay na pinag siklop ang kanilang mga palad.

"Mamaya pang tanghali Liana Estelle, remember may orientation pa ang mga bagong professor ngayon?" kinusot ko muna ang aking mga mata na wala ng contact lens.

Natatandaan ko pa noong una nilang makita ang mga mata ko, literal kasing nalaglag ang kanilang mga panga. Napaka ganda daw nito anila.

Naniniwala naman ako doon dahil kahit ako ay nahuhumaling din sa kulay nito. Ang

matang ito kasi ang kinaiinisan at kinaiinggitan ng lahat ng tao, para kasi itong kumikislap lalo na at kulay ginto pa ito.

Marami ding tao ang nagsasabing nakakahipnotismo itong tignan, ipinagsawalang bahala ko na lang iyon dahil para sa akin isa ito sa pinaka magandang minana ko sa yumao kong ama.

"Pero—" hindi ko na natuloy ang sasabihin ko nang kinaladkad na ako ng dalawa pababa.

Nakasalubong pa namin si Melicity na may nagtatakang tingin.

"Ready na kami!" Malakas na tili ni Marga nang makababa kami.

Nakita ko naman si Tita Minerva na may malawak na ngite habang nakatingin sa amin. Dumako ang tingin ko aa tabi niya nang makakita ng isang upuan at may kalakihang salamin.

"Come on, simulan na natin!" Malakas na ani ni Tita Minerva bago ako pinaupo sa upuang nakahanda.

"T-tita, nakakatakot po" kumpisal ko dito habang nagma-makaawang nakatingin sa kaniya.

Ngumite lang naman sila sa akin bago ako hinaplos sa ulo.

"Don't worry Liana Estelle, babawasan lang natin iyang buhok mo siguro hanggang bewang. Tapos lagyan ka namin ng bangs para maslalo kang gumanda!" Hindi na ako nakaimik pa nang maglabas na din ng gunting si Tita Minerva at Marga.

Nakita ko pa ang pasimpleng pagupo ni Li sa sofa habang may popcorn na kinakain. Napalunok na lang ako nang itaas na nila Mica ang gunting nilang hawak.

"Let's Start!"

Pagkatapos ng mahigit kalahating oras na gupitan na tapos din sila, masaya pang nagtatalon ang tatlo habang nag aapiran. Napakamot na lang ako sa aking pisnge dahil doon, hindi ko alam kung bakit pinagkakaisahan nila akong lahat.

"My gosh, you're so beautiful Liana Estelle. My hunch about you having bangs is really right!" Gulat na gulat na ani ni Tita bago ako binigyan ng malaking ngite.

Napangiwe na lang ako ng magtitili na naman silang tatlo, mukhang mabibingi pa ata ako kapag sila ang kasama.

"I-i'm not that pretty Tita, at saka m-maganda din naman kayo" ngumite lang ang mga ito sa akin bago ako iniharap sa salaming nakahanda din kanina.

Nang laki naman ang mga ginto kong mata sa nakita, ang dati kong maalon na buhok ay lalo nilang binigyan ng buhay, bumagay din sa hubog ng mukha ko ang bangs na ginawa nila.

Sabi sa akin ni Mica Korean style bangs daw ang ginawa nila dahil iyon ang uso ngayon. Napangite naman ako ng malawak dahil ang ganda na ulit ng buhok ko.

The last time someone attended my hair is when I am still residing at the Castiello Manor. This feeling already felt foreign to me.

"Ang ganda hindi ba pamangkin?" Excited na tanong ni Tita na tinanguan ko naman.

"O-opo Tita, napakagaling niyo pong tatlo!" Masaya naman silang nag-apiran bago ako yinayang kumain na malapit na din kasing magtanghali at may pasok pa kami mamaya.

Na una na din kasing kumain si Melicity at hindi na nito kinaya ang panonood sa amin, he said that he won't have a woman's patience that's why he'll just take his leave.

Matapos namin kumain umakyat na kami para makabalik sa kaniya-kaniya naming kwarto. Kailangan na kasi naming mag-ayos para sa pagpasok mamaya.

Pagkatapos kong suklayin ang bago kong gupit na buhok kinuha ko na ang contact lens ko. Isusuot ko na sana ito kaso lang mabilis na pumasok sa aking kwarto ang kambal.

Nagtataka ko silang tinignan bago binaba ang aking kamay.

"Bakit Marga at Mica?" Tanong ko sa kanila habang kunot ang noo.

Naglabas naman ng cellphone si Mica bago iyon winagayway sa harapan ko.

"Picture?" Tanong nito.

My head tilts before staring at them, after a few seconds I happily nodded my head.

"Sure" Masayang napatango si Marga bago sabay na tumabi sa akin.

Napasin ko namang pumasok din sa aking kwarto si Melicity habang nakapamulsa.

"Come on Melicity, akala ko hindi ka na susunod" puno ng pagmamadaling ani Marga bago hinigit ang kakambal sa tabi.

"Okay," walang ganang tugon ng huli bago umayos ng tayo.

Itinaas naman ni Mica ang phone niya para mag kasya kaming apat, hindi ko na napansing hindi ko pala naisuot ang contact lens ko bago kami kumuha ng litrato.

Nakasampong kuha si Mica bago ito tuluyang nagsawa at nagsisisigaw palabas ng kwarto.

"Ipopost ko ito sa Instagram at Facebook ko, gosh maraming maiinggit!" Tili nito bago sinundan ng malakas na tawa.

Natawa na lang din kami sa inasal nito at hindi na nagkumento pa.

"She's crazy," nagkibitbalikat ako sa sinabi ni Melicity bago sinuot ang aking contact lens.

Matapos kong mag-ayos sabay-sabay na kaming tatlo bumaba ng hagdan.

Dahil wala si Kuya Eleo ngayon pinayagan ni Tita Minerva na magmaneho si Li, tutal may lisensya na naman ito kaya pwede na siya.

Nagpaalam na kami sa kay Tita Minerva bago kami sumakay sa kotse, nang maisuot na namin ang aming seatbelts pinaandar na ni Melicity ang kotse papuntang school.

"Liana Estelle, I'm hella sure that you will become the trending topic of our school again. Imagine, you are already beautiful but now you just reached the highest peak. It's awesome!" Puno ng pagkamanghang ani Marga na nagpapula ng buong mukha ko.

"Hindi naman gaano Margaret" nahihiya kong ani dito.

"Don't be uneasy Estelle. You're gorgeous, believe us" lalo lang nadagdagan ang hiya ko nang sabihin iyon ni Melicity.

"O-okay," I softly mumbled that made them chuckle.

Inabot ni Li ang aking ulo bago hinaplos ang aking nakalugay na buhok, hindi kasi muna itinirintas ni Margaret ang buhok ko kasi ayaw niya. Gusto kasi nitong ipakita sa iba ang ginawa niyang pag-aayos sa akin.

Nang makarating kami sa school pinarada ni Li ang kotse niya sa parking lot, medyo madami na din ang estudyanteng nagdadatingan ngayon kaya punuan na ang parking lot.

Matapos makapag-ayos sa loob ng sasakyan sabay-sabay na kaming bumabang apat.

Different kinds of murmur surround us as we start to stride. Napasiksik na lang ako kay Melicity ng lahat nang madaanan namin ay nagbubulungan.

The triplets and I are like bacteria under a microscope, the student's gaze can burn holes in our whole body.

"You're beautiful Liana Estelle, don't be shy" ani Melicity bago ako tinapik sa likod.

Hindi ko naman mapigilang mapangite ng malawak ng haplusin din nito ang ulo ko. Just like magic Melicity's voice washed away all of my uncertainty and shyness.

"Thank You, Li," I sincerely said before giving him my most genuine smile.

Ngumite naman ito sa akin pabalik bago ako inalalayan sa paglalakad habang nakasunod lang sa amin sila Mica at Marga na busy sa kanilang cellphone.

Habang papasok kami ng Queen's Castle may lalaking mabilis na humarang sa amin, mukha itong College student dahil sa tangkad at ayos niya.

Humarap ito kay Li habang hindi ako tinatapunan ng tingin, nagtaka naman ako dahil doon. May mali kaya siyang nakita sa akin kaya hindi niya ako tinatapunan ng tingin?

"Vice, the King's are calling for her Queens presence at their office now" seryosong ani nito.

Humagod naman ang kamay ni Li sa likod ko bago lumingon sa akin.

"Sure," Ani Li habang na sa akin ang tingin.

Tumango naman ang lalake bago dali-daling umalis sa aming harapan, humaba ang labi ko ng hindi talaga ito tumingin sa akin.

"Oh my, Liana Estelle. Pumunta ka na sa King's Castle pinapatawag ka daw ng kambal." Kilig na kilig na sabi ni Marga habang pinagtutulakan ako.

Kumunot naman ang noo ko dahil wala akong napansing nakakakilig don sa sinabi niya.

"Ganoon ba?" Tumango naman sila sa akin bago ako muling pinagtulakan papunta sa King's Castle.

Hindi na kasi nila ako masasamahan dahil bukod sa sila ay may klase bawal din kasing pumasok sa King's Castle ng walang pahintulot ng Novelties o hindi doon ang klase mo.

Napailing na lang ako bago sila iniwan, mahina akong kumakanta habang naglalakad papunta sa building ng makasalubong ko si Pythios kasama si Aranold, mabilis akong napangite bago sila kinawayan.

"Magandang tanghali sainyong dalawa, Aranold at Pythios!" Ngumite naman ang mga ito bago lumapit sa akin.

"Good morning too, Star. By the way, where are you heading to?" Tanong ni Aranold sa akin na puno ng pagtataka.

Nagpatuloy naman kami sa paglalakad habang pinag gigitnaan ako nilang dalawa. Napansin ko naman ang paghahabol sa amin nang tingin ng kapwa namin estudyante.

"Sa opisina ng kambal, Aranold. Pinapatawag daw nila ako" nakangite kong sagot sa kaniya.

Sabay naman silang tumango bago ako inalalayan papasok ng King's Castle.

"Okay, but if you don't mind it let us escort you there Star before we go to our respective class for today" suhestiyon ni Pythios na masaya kong tinanguan.

"Thank You for your assistance Pythios and Ara," I happily said that made them chuckle.

Inabot ni Aranold ang ulo ko bago ginulo ang aking buhok.

"Nice hair Tala" puri nito sa akin.

Namula naman ako dahil sa hiya, ang gwapo kasi nito nang sabihin niya iyon.

"Maraming salamat, Aranold" tumawa naman sila Pythios sa akin.

"Chin up our Liana Estelle, napakaganda mo sa bago mong gupit. It is worth showing off," Ani Aranold bago kami tuluyang sumakay sa elevator.

Isa itong private lift na ang Novelties lang ang pwedeng makasakay. Prior to what Atticus said that they made an exemption, I am free to use this whenever I felt like to.

"Nakakahiya naman kasi Aranold. Pero salamat sa papuri mo" maslalo lang lumaki ang ngite nilang dalawa habang may kakaibang emosyon sa mata.

"We're really lucky to have you as our queen" mahinang bulong ni Aranold na hindi na umabot sa pandinig ko.

"Ano ulit iyon, Ara?" Umiling lang ito sa akin habang may payak na ngite.

Tulad nga ng sinabi nila hinatid nila akong dalawa hanggang marating namin ang itim na pinto ng kambal. Sumimangot naman ako dahil napakalungkot ng kulay ng pinto ng mga ito, mukhang kailangan na nila itong palitan.

"We have to go now Tala, see you later." Nagpaalam na ako kanila Pythios at Aranold bago kumaway.

Hinatid ko na lang sila ng tingin hanggang magsara ang private lift na sinakyan namin kanina. Matapos niyon tatlong beses na akong kumatok sa nakasarang pinto ng opisina ng kambal bago ito pinihit para bumukas.

"Hi" Bati ko sa dalawa nang makita silang busy sa mga papeles na na sa kanilang lamesa.

Nag-angat naman agad ang mga ito ng tingin bago sabay na tumayo nang makita ako.

"My lady!" Atticus said breathlessly.

Nakaawang din ang mala rosas sa pula nitong labi habang tulalang nakatingin sa akin.

"Beautiful," mahinang usal naman ni Silas Sebastian habang malawak na nakangite.

Mabilis akong napangite kasabay ng pamumula ng dalawa kong pisnge sa hiya.

"S-salamat Silas pero bakit niyo nga pala ako pinatawag?" Puno ng kuryosidad na tanong ko sa kanila.

Parehas naman silang naglakad papalapit sa akin habang may kakaibang ngite sa labi. When they already reached my place their 6'9 height instantly towers me.

"We have a surprise!" Sabay na ani ng dalawa bago sabay ding humawak sa bewang ko.

Nagtataka naman akong tumingin sa kanila bago nagtanong. Ang alam ko kasi hindi ko pa kaarawan o nino man, kaya nakakapagtaka na may surpresa sila sa akin.

"Ano iyon?" Ngumise lang si Atticus Asher sa akin bago tumingin sa kakambal.

"Come, my queen" bulong ni Silas Sebastian sa kaliwa kong tenga.

Ginapang ako ng kilabot sa katawan dahil sa init na hatid ng hininga niya, hindi pa nakatulong ang mabango niyang hininga.

Hinigit na ako ng kambal papasok sa isa pang pintuan dito sa kanilang opisina, mayroon kasing tatlong pintuan dito. Iyong isa ay banyo, iyong isa naman ay tulugan at iyong isa ay playroom nila.

Pumasok kami sa playroom nila at sumalubong sa akin ang malamig na temperatura sa loob pero iba ang nakaagaw ng atensyon ko.

Iyon ay ang isang golden retriever na nakaupo sa maliit na sofa sa gilid, may tangay-tangay pa itong laruang buto sa bibig nang maabutan namin.

Nang lalaki ang matang tumingin ako sa kambal bago hinawakan ang aking labi.

"A-a dog," I said almost a whisper that made them smile.

"Go for him," Ani Silas na mabilis kong sinunod.

Mabilis ang lakad na pinuntahan ko ang aso bago lumuhod sa harapan nito. I gently raise my shaking hands before patting the dog's head.

"Oh my Gosh!" Tili ko nang malayang mahawakan ang napakalambot nitong balahibo.

Nalanghap ko pa ang napakabango nitong amoy ng magwag-wag ito sa aking harapan.

"You like it?" Hindi ko na napansin ang paglapit ng kambal sa aking tabi dahil nakapokus lang ako sa tuta.

Nakita kong umupo sila sa sofa habang umupo naman ako sa carpet bago ko linagay sa kandungan ko ang tuta.

Masaya akong tumango sa tanong ni Silas kanina, "I love it, sobra!" ani ko bago pinugpog ng halik ang aso.

Tumahol naman ito ng tumahol na parang natutuwa sa ginawa ko sa kaniya, napahagikgik tuloy ako dahil ang cute nitong tignan.

"B-but, who owns this puppy?" I ask them before looking at them.

"That's yours, my lady. Our simple gift for our most beloved queen" mabilis akong namula sa narinig na sinabi ni Silas Sebastian.

Seryoso lang kasi ito habang nagbabaga naman ang tingin sa akin. Pero isa lang ang tumatak sa isipan ko ngayon, iyon ay ang sinai ni Silas na akin na ang tuta at regalo nila ito sa akin.

